

# 1

Napabuntong-hininga si Keira. Ibinaba niya ang hawak na pocketbook sa side table at saka nahiga sa kama.

Alas doce y media na ng hatinggabi, pero heto at buhay na buhay pa ang diwa niya. Parang wala sa sariling tumitig siya sa puting kisame ng kanyang kuwarto.

Dapat masaya siya sa araw na ito. It was her twenty-fifth birthday. Imbis na matuwa, nalulungkot pa siya kapag naaalala ang kanyang edad. Ang bilis talagang lumipas ng mga araw. Isang taon na pala ang nakalipas mula nang kanyang ipangako sa sarili na hindang-hindi niya hahayaang tumuntong siya sa edad na beinte cinco na hindi pa rin siya nakakapag-asawa. Pero heto siya ngayon, kasabay ng kanyang birthday, tinanggihan niya ang marriage proposal ng boyfriend niyang si James.

*“I’m sorry...” ang tanging nasabi ni Keira sa nobyo kanina sa dinner date nila. Halata sa mukha nito ang lungkot.*

Pinaghandaan nang husto ni James ang date

nila na iyon. Inakala marahil nito na matutuwa siya sa surprise nito. Itinaon pa nito sa kanyang kaarawan ang ginawang pagpo-propose. But all his efforts were wasted.

Kahit inaasahan na niya iyon sa lalaki, nagulat pa rin siya. Hindi naman niya maintindihan ang sarili kung bakit tumanggi pa siya. Iyon na sana ang kasagutan sa pangamba niya na matulad sa mga tiyahing tumanda nang dalaga.

Ayon sa kanyang mga tiyahin, kapag ang babae sa kanilang pamilya raw ay tumuntong sa edad na twenty-five at dalaga pa, hindi na ito makakapag-asawa kahit kailan.

Ewan ba ni Keira kung bakit sa modernong panahon na ito ay may naniniwala pa rin sa mga ganoong klase ng ideya. Ang weird!

Pero kapag naiisip naman niyang may posibilidad na maging old maid nga siya ay lalong nagiging weird ang pakiramdam niya.

Kahit pa sabihing hindi naman miserable ang kalagayan ng kanyang mga tiyahing sina Sabel at Melda, o mas tamang sabihin na tila natanggap na ng mga ito na ganoon talaga ang kapalaran nila, nahihirapan pa rin siyang isipin na wala siyang

makakasama pagtanda niya. Ang lungkot naman yata kung sila-sila pa rin ng kanyang mga tiyahin ang magiging magkakaagapay pagtanda. Paano kapag wala na ang mga ito? Eh, di maiiwan na lang siyang mag-isa? Kung magkasakit siya, sino ang mag-aalaga sa kanya? Kawawa naman yata siya kapag nagkataon.

Pero kahit pa pilit niyang inaalis sa isipan ang ‘sumpa’ na iyon sa babaeng Salvador, aaminin niyang natatakot siya na magkatotoo iyon.

*Huwag naman sana, naidasal ni Keira.*

She was a hopeless romantic. She had so much love in her heart na gusto niyang i-share sa lalaking mamahalin niya. Katulad ng ibang babae, pangarap din niyang magkaroon ng sariling pamilya pagdating ng panahon.

Still, she could not imagine being married to James. Para bang bigla siyang natakot nang alukin siya nitong magpakasal. Ayaw niyang magsisi bandang huli at may pakiramdam siyang ganoon ang mangyayari kung tatanggapin niya ang alok nitong kasal.

Alam niya, kahit sinong babae na nasa kalagayan niya na aalukin ng kasal ng kasing-bait

at kasing-guwapo ni James, hindi na iyon marahil magdadalawang-isip pa.

Medyo matagal na rin naman silang magkakilala ng boyfriend—*ex-boyfriend*, rather. Ang mga tiyahin niya ang nagpakilala sa kanya rito. Ayon sa mga ito, matagal na raw itong nagtatanong tungkol sa kanya. Halata raw ng mga itong may kursunada sa kanya ang regular customer nila sa flower shop. Madalas, tumutulong siya sa tiyahin sa pagbabantay sa tindahan kaya palagi siyang nakikita roon ni James.

Mula nang magkakilala sila ay hindi na siya tinigilan ng kanyang Tiya Sabel at Tiya Melda sa panunukso rito. Kaya nang malaman ng mga ito ang panliligaw ni James sa kanya, todo-todong build up ang ginawa ng mga ito sa binata. Huwag na raw niyang pahirapan pa si James. Halos araw-araw rin kung ipaalala ng mga ito sa kanya ang tungkol sa paniniwala sa pamilya nila. At ni hindi pa siya nagkakaroon ng boyfriend noon sa edad niyang beinte cuatro. Marami siyang manliligaw pero sadya yatang pihikan ang puso niya.

Mabait naman si James. Maalalahanin ito sa kanya at magalang sa kanyang mga tiyahin. Guwapo rin naman. Kaya lang wala siyang makapa na attraction para rito. Parang sa kaibigan lang ang

nararamdaman niya. Pero sumugal siya, sinagot niya na ito matapos ang apat na buwan nitong panunuyo. Hoping that she would learn to love him later on. Pero hindi iyon nangyari.

Hindi niya alam kung dapat ba niyang panghinayangan ang naging desisyon noon. Hindi na tuloy siya naniniwala sa sinabi ng kanyang mga tiyahin na matuturuan naman ang puso. Siguro hindi sa lahat ng pagkakataon.

Mahirap ding magpakasal nang hindi naman buo ang loob niya at hindi sigurado. Sabi nga ng matatanda, ang pag-aasawa ay hindi parang kanin lang na isinubo, na kapag napasos ka puwede mong kaagad iyong iluwa. It was a lifetime commitment. Hindi puwedeng gawing ura-urada.

*Tama, sang-ayon ng isang bahagi ng isip niya, kaya tanggapin mo na sa sarili mo na kapalaran mo talagang tumandang dalaga.*

Muling napabuntong-hininga si Keira sa isiping iyon.

Tumagilid siya ng higa. Natuon ang mga mata niya sa picture frame sa ibabaw ng side table. Humaplos ang lungkot sa puso niya nang matitigan ang mga mukhang naroroon. It was taken a few

years ago. Picture niya iyon, kasama si Timothy, her best friend.

Inabot niya ng isang kamay ang larawan at matamang pinagmasdan ang nakangiting mukha ng kaibigan. Then, she let out another harsh sigh.

Akala niya matagal na niyang nailibing sa limot ang nararamdaman para sa kaibigang si Timothy, ngunit napatunayan niya kanina na hindi siya nagtagumpay na kalimutan ito.

Yes, he was the prime reason why she turned down James' proposal. Kapag kasi nangangarap siya ng magiging buhay-may-asawa niya, si Timothy ang naiisip niyang husband niya, hindi ang nobyo. Si Timothy ang gusto niyang paglingkuran at alagaan, ang makasama habambuhay. He was her dream groom.

*Oh, I'm hopeless,* she thought. Mariing ipinikit ang mga mata.

Sabi niya noon sa sarili, kapag naka-graduate siya ng college at hindi pa rin ito nagtapat ng pag-ibig sa kanya, hindi na siya aasa pa na magkakaroon pa ng katugunan ang damdamin niya para rito. But here she was, still wishing for a miracle to come.

Bumalik sa isip niya ang nakaraan...

Limang taon lamang si Keira nang una silang magkita ni Timothy. Nang maghiwalay ang kanyang mga magulang, iniwan siya ng mga ito sa tiyahing sina Sabel at Melda na nakapirmi sa Tarlac. Eight years ago, namatay ang kanyang ama. Ang kanyang ina naman ay nasa Amerika at may sarili nang pamilya roon.

Kapit-bahay ng mga tiyahin niya ang pamilya ni Timothy kaya naman naging matalik silang magkaibigan. Kahit na mas matanda ng isang taon sa kanya si Timothy, magkasabay silang nag-aral. Maaga kasi siyang ipinasok sa school ng tiyahin. They were schoolmates in elementary and in high school at araw-araw, magkasabay silang naglalakad papasok at pauwi. Malapit lang naman ang pinapasukan nilang paaralan noon at pinaka-bonding na nila ang paglalakad habang nagkukuwentuhan at nag-aasaran.

Hanggang college, hindi sila naghiwalay. Kasama niya pa si Timothy noon nang magpaalam siya sa kanyang mga tiyahin na mag-aral din sa Baguio, kasama nito. He helped her in convincing her aunts at bandang huli, napapayag din nila ang mga ito kahit hindi sanay ang mga ito na malayo

sa kanya. Malaki ang tiwala ng mga ito sa binata. Pati sa kursong kinuha niya ay si Timothy pa rin ang nang-impluwensya sa kanya. Civil Engineering ang balak nitong kunin noon kaya Architecture naman ang kinuha niya. May mga panahon noon na parang gusto na niyang mag-shift ng course. Pero si Timothy ang laging nagpapaalala sa kanya na dapat lahat ng nasimulan ay tinatapos.

Ganoon na si Timothy mula pa noon. Responsable ito sa lahat ng mga ginagawa. Nag-iisang anak lang ito at bagaman hindi naghihirap, hindi rin naman masasabing mayaman ang pamilya nito. Aware ito sa mga responsibilidad nito. Sumali ito sa varsity team sa basketball sa university na pinapasukan nila noon para magkaroon ito ng scholarship upang kahit paano ay makatulong sa magulang sa pagtitipid.

Masipag din itong mag-aral pero paminsan-minsan ay naiimpluwensyahan niya rin itong mag-gimmick. Napipilitan lang itong sumama dahil nag-aalala diumano ito sa kanya kung hahayaan siya nitong sumama sa mga kaklase niya nang nag-iisa. Kung si Timothy ang nagpapaalala sa kanya na maging responsable, siya naman ang nagsasabi rito na kailangan din nitong mag-relax at huwag maging masyadong seryoso sa buhay.



Masasabing malaki ang papel ni Timothy sa buhay ni Keira. Kung wala siguro ito noon, baka lubha niyang dinamdam ang paghihiwalay ng kanyang mga magulang at ang pag-iwan ng mga ito sa kanya. Marahil naging malungkot ang kanyang kabataan, kung wala ito. Malaki ang pasasalamat niya na nakilala niya ito at naging kaibigan. At sa mabilis na paglipas ng panahon ay hindi na niya namalayan kung gaano na ito napamahal sa kanya.

Pero tila walang katugon ang damdamin ni Keira na iyon. Matagal niyang hinintay na ligawan siya nito at nang maka-graduate siya ng college na wala pa rin itong inaaming damdamin sa kanya, nag-decide na siyang lumayo rito. Nawalan na siya ng pag-asa na mamahalin siya nito nang higit pa sa isang kaibigan.

Pinilini Keira nasa Tarlac magtrabaho. Si Timothy naman ay nanatili sa Baguio at doon nakahanap ng career. Kahit nakiusap ito para huwag na siyang umalis, hindi siya nagpahinuhod. Idinahilan na lang niyang ninais ng kanyang mga tiyahin na tulungan na lang niya ang mga ito sa pamamahala sa flower shop nila. Gayunpaman, patuloy ang communication nila ni Timothy. Madalas siya nitong dalawin kapag wala itong maraming trabaho at halos gabi-gabi rin kung mag-usap sila sa telepono.

She tried hard na kalimutan ang damdamin para sa kaibigan. Nang makilala niya si James at manligaw ito sa kanya, nakakita siya ng pagkakataon upang patunayan sa sarili na kaya niyang magmahal ng iba. Ngunit nagkamali siya, dahil mula noon hanggang ngayon ay si Timothy lang ang tanging gusto ng kanyang puso.

She let out a heavy sigh.

---

“Ano naman ang dahilan ng ngiti na iyan?”

Hindi napansin ni Keira na nasa harapan na pala niya si Timothy. Nasa likod-bahay siya noon ng compound kung saan naroon ang inuupahan nilang apartment. Magkatabi ang mga bahay nila, gaya ng bilin ng kanyang mga tiyahin.

Ang malawak na hardin sa likod-bahay nila ang itinuturing niyang sanctuary mula noon pa man. Napapaligiran iyon ng iba't ibang uri ng bulaklak. Sa gitna niyon ay may mga upuang bato at hammock. Sa duyan na iyon siya madalas magpahinga, lalo na kapag nais niyang mapayapa ang pakiramdam. Nalilimutan niya ang mga suliranin kapag nandoroon.

Nakahiga siya sa duyan habang nakatitig sa bughaw na ulap. Kanina pa niya iniisip ang

masayahing mukha ni Timothy roon kaya siya napangiti. Pinasabi na nitong dadalaw sa kanya noong isang araw na makapag-usap sila sa telepono. May pag-uusapan daw silang importante. Malamang tungkol iyon sa alok nito na maging freelance architect siya para kompanya nito.

Akala niya kanina, imagination pa rin niya ang nakita niyang mukha nito. Hindi niya akalain na naroon na pala talaga ang binata sa harap niya.

“Kanina pa kita pinagmamasdan, ni hindi mo man lang ako napansin,” nakangiting sabi ng binata, sabay upo sa tabi ni Keira. Kahit bihira silang magkita, hindi nagbago ang pakikitungo nila sa isa’t isa. Very close pa rin sila na wari ay hindi nagdaan ang mga taon na naghiwalay sila. “Pangiti-ngiti ka pa d’yan. Para saan naman iyan? Rather, sino naman iyang *malas* na naisip mo at parang kinikilig ka pa?” Kinindatan pa siya nito.

As usual, may idinulot na kaba sa puso niya ang simpleng gawi nito na iyon. Tila may kuryenteng dumaloy sa katawan niya sa pagkakadikit na iyon ng mga balat nila. Pero siyempre, hindi siya nagpahalata.

“Kailan ka pa dumating? Akala ko ba sa Sunday pa dating mo? Eh, ba’t nandito ka na agad?” sunud-

sunod na usisa niya.

Ang alam niya ay may inaasikaso pa itong trabaho dahil sa kabi-kabilang offers ng trabaho rito. Akala niya tatlong araw pa mula ngayon ang pag-uwi nito rito sa Tarlac.

Ngumiti muna ito bago sumagot. “Ikaw talaga, ako ang unang nagtanong, ah,” natatawang komento ni Timothy. Bahagyang pinisil pa ang ilong niya. “Pero sige, sasagutin na rin kita. Tinapos ko nang mas maaga iyong trabaho ko roon kaya nandito na ‘ko. Kadarating ko lang at dito na nga ’ko dumerecho.”

“So kumusta naman ang Baguio?” Sa nabanggit na lungsod pa rin ito nakapirmi.

“Actually sa Cebu ako galing,” anitong nakangisi.

“Galing ka ng Cebu?” malakas na bulalas ni Keira na umupo paharap sa binata. “Hindi mo man lang nabanggit sa ’kin! Eh, nasaan na ang pasalubong ko? Huwag mong sabihing wala, Mr. Lejano, bubugbugin talaga kita!”

Natawa ito sa inasta niya. “Kailan ba naman ako nawalan ng pasalubong para sa ’yo, siyempre meron. Nandoon po sa kusina ninyo, Ms. Otap. Takot ko lang na baka hindi ka pumayag na mag-design ng project ko,” nakangiting sabi ng binata. Ang

tinutukoy nito ay ang hotel na pagtutulungan nila. Siya ang magpaplano ng anyo niyon at si Timothy naman ang bahala sa pagko-construct.

“Hindi pa nga ako pumapayag, remember? Sabi ko, pag-iisipan ko pa. At saka may kasalanan ka pa sa akin. Puwede ka naman palang umuwi nang mas maaga, bakit hindi ka pa kahapon na lang umuwi?”

Natawa ito. “Kasi nga kahapon lang natapos ang usapan tungkol d’on sa next project ko—I mean, natin. Kaya nga napakarami kong pasalubong para sa iyo. May otap, otap, at saka otap,” biro nito.

Paborito niya ang otap kahit pa nga iyong hindi galing ng Cebu. Natutuwa naman siyang isipin na hindi nakakalimutan ng kaibigan ang mga simpleng bagay na tulad ng ganoon.

“Nakaka-miss ka talaga,” nasabi niya, unawaringly.

“Na-miss din kita. Kaya nga ’ko umuwi nang mas maaga para makasama ka,” nakangising anito, nanunukso.

“Narinig mo?” Natawa siya. Akala niya pa naman ay sa isip niya lang iyon nasabi.

“Oo. At kahit pa hindi mo sabihin, halata

naman.”

“Oo na nga para matigil ka na.” Nakangiting umirap siya at tumayo na. “Tara, pasok na tayo. D’on na lang tayo sa loob magkuwentuhan.”

“Asus! Kunwari pa daw, gusto mo lang kainin na ‘yong otap. Nagdadahilan ka pa,” pang-aasar nito.

“Oo na, tara na!”

“Sandali lang,” pigil nito sa kanya. “Payag ka na, ha? Ikaw na lang mag-design n’ung next project ko, ha?”

“Ano ka ba, hindi ka makapaghintay! Pag-iisipan ko muna!” pagalit na sabi niya.

“Sige na kasi,” pamimilit pa rin nito, habang hawak pa rin ang kanyang kamay upang hindi siya makaiwas.

“O sige, bigyan mo ’ko ng magandang dahilan para tanggapin ’yang project mo.” She folded her arms in front of her chest.

“Siyempre para mas mura ibabayad ko.” He grinned naughtily.

“Kapal! Kuripot ka talaga. Bahala ka sa buhay mo!” Akma siyang tatayo na mula sa duyan nang

haltakin siya nitong muli. His arms went around her. And Keira felt the familiar flipping of her heart.

“Actually, nami-miss na kita kaya kita inaalok ng trabahong ito. Para naman magkasama tayo ulit,” bulong nito sa tainga niya na nagpatindig sa mumunting balahibo sa katawan niya.

“Tse! Utuin ba ’ko!” Pinanlakihan niya ng mga mata ang binata kahit tila kinakalampag ang dibdib niya sa lakas ng tibok ng puso niya. Bakit ba parang gusto na niyang maniwalang totoo sa loob nito ang sinasabi at hindi biro lamang?

Napatawa ang binata muli. “Seryoso ako. Sige na, ha?”

Tinitigan niya si Timothy na halos ilang pulgada lang ang layo sa mukha niya. His smile was sweet and naughty. How could she resist him when he looked this good? And his idea was not that bad naman. Ilang beses ba niyang naisip na ituloy na lang planong paggamit niya ng pinag-aralan.

Nakasimangot siya nang muling magsalita. “Oo na! Mukhang hindi mo naman ako paalisin at pakakainin ng otap hangga’t hindi ako pumapayag. Ano? Okay na? Puwede na ba tayong pumasok sa loob?”

“Good. Tara na.” Binitawan na siya nito, mabilis naman siyang lumayo. Saka lang siya nakahinga nang maluwag nang mailayo ang sarili sa katawan nito.



## 2

“Sabi ko naman kasi sa ’yo, hindi totoo ’yung mga paniniwala nila Tiya Sabel mo,” ani Timothy.

Magkaharap na sila sa mesa sa kusina habang kumakain. Otap at pineapple juice ang kay Keira at chocolate cake at iced tea ang sa binata.

Sumubo muna ito ng kinutsarang cake, lumunok saka nagpatuloy, “Akala ko pa naman hindi ka nag-aalala tungkol d’on, iyon pala hanggang ngayon nagpapaniwala ka pa rin sa kalokohang iyon.” Ang tinutukoy nito ay ang paniniwala sa mga babaeng Salvador. “Kung tutuusin bata ka pa naman, twenty-five ka lang. Mas matanda pa nga ako sa ’yo. Kaya, Keira, hindi ka dapat nag-aalala na baka maging old maid ka. May mga babae ngang cuarenta na pero nakakapag-asawa pa rin. Ganoon talaga sa buhay, pana-panahon pati sa pag-ibig,” mahabang litanya ni Timothy na tila nagsesermon.

Ngayon lang naikuwento ni Keira rito nang buong tungkol sa mga nangyari sa kanila ni James. Hindi niya nagawang ikuwento rito ang buong istorya sa telepono noon kapag magkausap sila. Marahil, hindi niya talaga na-consider na mahalaga

para sa kanya ang relasyong iyon. But she felt guilty dahil, in a way, pinaasa lang niya si James sa wala.

“Lalaki ka naman kaya, ’no! At saka wala namang gan’ong paniniwala sa pamilya ninyo,” depensa ni Keira sa sarili.

“We have free will, Keira. God gave us the power to decide for ourselves. Hindi totoo iyong mga pani-paniwalang ganyan. Tao ang gumagawa ng fate nila. Ang mga tiyahin mo kaya naging old maid kasi pinili nila iyon. Walang kinalaman d’on ang sumpa-sumpa.”

“Anong pinili? Eh, sila nga ang pumilit sa akin na sagutin na si James para hindi ako magaya sa kanila. Ibig sabihin, sila mismo hindi nila gustong magkagan’on, kaso nga nangyari na,” nakalabing turan niya.

Napailing ito. “Kaya nagpapilit kang sagutin ang James na iyon?”

“Malay ko bang hindi ko siya matututunang mahal. Mabait naman kasi ’yon,” pagtatanggol niya sa dating nobyo.

“Mabuti naman at hindi mo siya natutunang mahal...” Halos bulong na lang iyon nang umabot sa pandinig niya.

“Ano ’ika mo?”

“Sabi ko, ba’t hindi mo siya natutunang mahalin?”

“Ewan,” tanging sagot ni Keira. At nahulog siya sa malalim na pag-iisip.

Bakit nga ba? Maraming beses na niyang naitanong sa sarili ang tanong na iyon. Bakit nga ba hindi na lang si James ang minahal niya? Eh, di sana hindi ganito kakomplikado ang sitwasyon.

“Bakit ewan mo?” pangungulit ni Timothy.

*Hay naku, nagtanong ka pa! gusto niyang isinghal dito. Dahil po sa ’yong manhid ka!*

Napabuntong-hininga na lamang siya sa ideyang iyon.

“Ang lalim naman n’on,” komento nito. “Nanghihinayang ka ba dahil lumaki ang possibility na maging old maid ka, o nalulungkot ka dahil tapos na ang relasyon ninyo?”

“Alin?” She met his piercing gaze nang iangat niya ang paningin dito.

“Para kasing ang laki ng problema mo.”

Iniwas niya ang tingin at kumagat sa hawak na

otap. Kung puwede lang sana niyang sabihin kung ano talaga bumabagabag sa kanya.

“Well?” untag nito, nang lumipas ang ilang minuto ng katahimikan.

She shrugged her shoulders. “Siguro pareho,” sagot niya.

Ibinaba nito ang kutsarang hawak at ipinatong ang kamay sa kamay niyang nasa ibabaw ng mesa. Muntik nang mapapitlag ang dalaga.

“Hayaan mo na ’yon. Sabi ko naman sa ’yo dati pa, di ba? Kapag wala kang makitang good groom material, palagi akong available para sa ’yo. Sabihin mo lang agad,” anito, sabay kindat sa kanya. “Hihintayin kita.”

Nalungkot tuloy bigla si Keira. Una niyang narinig iyon mula kay Timothy noong nasa third year high school pa lang sila.

“Sabi nila Tiya Sabel, baka maging spinster din daw ako tulad nila,” sabi niya habang pauwi sila ni Timothy galing sa school.

“Ha? Bakit naman nila sasabihin ’yon?” inosenteng tanong ng binatilyo.

“Gan’on daw kasi sa pamilya namin. Kapag

*umabot na sa edad na twenty-five ang isang babae at wala pa itong asawa, tiyak na magiging old maid na daw. Katulad ng nangyari sa kanila. Hindi naman nila sinabi sa akin mismo, narinig ko lang kanina n'ung nagkukuwentuhan sila..."*

*"Hindi sila seryoso d'on. 'Wag kang mag-alala."*

*"Pa'no kung totoo iyon?"*

*"Hindi nga."*

*"Pa'no nga kung totoo?" pangungulit niya.*

*"Hindi 'yon mangyayari sa 'yo, kasi... pakakasalan kita."*

*Napahinto si Keira sa paglalakad at saka tumingin kay Timothy.*

*"Seryosong usapan ito. Alam kong matagal pa 'yon, kaya lang ayoko talagang maging old maid kaya parang nagwo-worry na ako ngayon pa lang," nakalabing turan niya.*

*"Seryoso din naman ako. And I mean it, hihintayin kita."*

*Hindi niya maipaliwanag sa sarili kung bakit masyado siyang natuwa sa sinabing iyon ng kaibigan. Hindi niya maintindihan pero hindi siya nakatulog*

sa kakaisip sa ideyang magiging mag-asawa sila ni Timothy pagdating ng panahon.

Ganoon ba siya talaga kahalaga para sa kaibigan? O nasabi lang nito iyon para matahimik na siya sa paulit-ulit niyang pag-uangkat ng usapan tungkol doon?

Gayunpaman, mula noon lihim na siyang umasa na sana nga mangyari ang bagay na iyon. High school pa lang siya noon pero pareho pa rin ang naging pakiramdam niya nang marinig niya iyon mula sa binata ngayon.

*Hihintayin kita...Kung sana ay pareho sila ng pakahulugan sa mga salitang iyon...*

---

Pagod na pagod na si Keira kakatingin sa dalawang kasama niya ngunit wala naman siyang ibang magagawa kundi ganoon ang gawin.

Dalawang araw pa lang mula noong sunduin siya nito sa Tarlac at ipagpaalam sa kanyang mga tiyahin. Kinuha siya nitong architect at binigyan siya ng paupahang apartment na tulad ng bilin ng kanyang mga tiya, malapit lang sa bahay nito. Nag-iisa na lang ito sa bansa dahil nasa Australia ang mga magulang nito at doon na nag-i-stay.

Pagdating nila sa Baguio ay nakipagkita na sila kay Georgia Enriquez. Ang dalaga ang may-ari ng unang restaurant na kanyang ide-design. Pinag-uusapan nila ang detalye ng ipapagawa nitong restaurant. Ngunit sa pagkakatingin niya, pinapahaba na lamang nito ang kanilang pag-uusap. Tapos naman na kasi ang mga importanteng bagay na dapat pag-usapan dahil bukas pa naman nila pupuntahan ang location na balak nitong patayuan ng restaurant.

Kakaiba na ba talaga ang mga kababaihan sa panahong ito? naisip niya. Maganda naman ito, mukha namang mayaman at may pinag-aralan, pero bakit parang inaakit niya pa si Timothy? Hindi nga lang siguro bulgar ang paraan nito, pero babae rin siya at alam niya na gusto nito ang kaibigan niya. At ito namang si lalaki, parang enjoy na enjoy naman sa pakikipaglandian sa Georgia na iyon.

*Sarap pag-untugin!* Akala mo silang dalawa lang ang tao sa mesa na iyon samantalang nandoon din siya! *Kaaarte!* himutok niya sa isip.

*Pagod na pagod na po ako, sana naman po maisipan na nilang umuwi. Dahil baka pag nagtagal pa 'ko dito kahit isang minuto lang ay sumabog na ako,* piping dasal ni Keira.

“Are you okay, Keira? Parang namumutla ka,” nag-aalalang tanong ni Timothy sa kanya.

“Oo nga, baka kailangan niya munang magpahinga,” sang-ayon naman ni Georgia.

*Hay, mabuti naman at napansin ninyo din ako. At may concern pala ang ale.*

“Mabutipanga,” anangbinata habang nakatingin sa kanya. “We’ll see you tomorrow,” baling nito kay Georgia.

---

Sa wakas ay makakauwi na rin sina Keira at Timothy. Kaya nga ayaw niyang magtrabaho bilang arkitekto, napakaraming kailangang kausapin at pakitunguhan. Pero kailangan na niyang matutunang mahalín ang trabahong iyon dahil simula ngayon, iyon na ang career niya.

“Okay ka na ba?” tanong ng binata habang naglalakad sila sa kahabaan ng *Session Road*. Napagdesisyunan nilang maglakad-lakad muna sa hotel kung saan sila nag-dinner. Iyon ay upang makalanghap ng sariwang hangin. Gusto niya munang ma-refresh ang kanyang isip dahil nainis siya nang husto.



“Okay na rin,” sagot ni Keira.

Nakaka-relax talaga ang sariwang hangin ng Baguio. Maganda ang naging dulot niyon sa buong katawan niya. Noong nag-aaral pa sila ay madalas din nilang lakarin ni Timothy ang kahabaan ng kalsadang iyon. Hindi niya maiwasang mag-remisce sa mga pinagdaanan nila ng best friend. How she wished there was still a chance for them to become more than friends.

“Matagal mo na bang kakilala ‘yon?” mayamaya ay naisip niyang itanong.

“Sino? Si Georgia Enriquez?” Nilingon siya nito.

“Oo. Gaano na kayo katagal magkakilala?”

“Pangalawang beses ko pa lang siyang nakita ngayon. ‘Yung una ay noong nagpunta ako sa Cebu. Kakilala siya n’ung kaibigan ko na naging kliyente ko sa nakaraan kong project kaya inirekomenda niya ‘ko kay Georgia.

“Maliitlang naman ‘yon na project pero tinanggap ko na din para hindi gaanong nakakapagod. Para na rin hindi ka gaanong ma-pressure. Panigurado magagalit ka na naman sa ‘kin kung sakaling malaking project na agad ang ibibigay ko sa ‘yo,”

“Hmp, kakakilala ninyo pa lang pala, akala mo super close na kayo kung kausapin ka niya. Mukhang balak ka pa yatang ligawan n’un, Tim, ah! Grabe...”

Tumawa ang binata nang malakas. “Ikaw talaga, Keira, kung anu-anong napapansin mo.”

“Kunwari ka pa, eh, mukhang alam mo naman na may gusto siya sa ’yo! Pumapalalpak naman ’yang dalawang tainga mo. Pati ngiti mo hindi mo na mapigilan, umaabot na sa tainga mo sa sobrang lawak,” nakalabing turan niya.

“Siyempre kailangan ’yon para matuwa siya at bigyan tayo ng bonus,” nakangiting sagot naman ng binata sa kanya. “At saka wala ’yong gusto sa ’kin, friendly lang siya talaga.”

“Friendly! Friendly ang tawag mo d’on? Sa ’yo, oo! Pero sa akin, hindi ’no! Eh, parang kayo nga lang dalawa ang tao sa mundo kanina. Kaya ’yon, namutla na ’ko sa sobrang pagod kakapakinig sa mga pinag-uusapan ninyo. Hindi na talaga ako magugulat kung isang araw ay magtapat siya sa ’yo ng kanyang di-mapigilang damdamin,” exaggerated na sabi ni Keira.

Inakbayan siya ni Timothy bago nagsalita. “Si Aling Keira, mukhang nagseselos.” Tinitigan siya

*Be My Groom - Andrea Miguel*

---

nito nang may pilyong ngiti sa labi.

### 3

“Nagseselos! Ako, magseselos?” Itinuro pa ni Keira ang sarili, for emphasis. “At bakit naman ako magseselos?” Tinanggal niya ang pagkakaakbay ni Timothy sa kanya.

Tumaas ang isang kilay ng lalaki, parang sinabing, ‘Ows?’

Naaartehan siya sa Georgia na iyon. Naiinis siya dahil pinahaba pa nito ang pag-uusap nila, samantalang wala naman na talagang dapat pang pag-usapan. Pakiramdam niya na-echa-puwera siya kanina at nagmukhang-tanga. Pero *hindi* siya nagseselos!

*Kung hindi ka nagseselos, bakit parang sasabog ang ulo mo sa sobrang inis? Saglit siyang natigilan. Okay, I’m probably being jealous. But there’s no way she would let Tim know about it.*

Ngayon niya lang nakitang may ibang nagkakagusto kay Timothy at nagpapakita ng interes dito. Akala niya kasi sa kanya lang puwedeng maging magiliw ang binata.

“Hindi naman talaga, eh.” Lumabi siya.

“Oo na, hindi na kung hindi. Ikaw naman, hindi ka na mabiro. Alam ko namang hindi ka magseselos kahit kailan, kahit pa ilang babae ang umaligid sa ’kin.”

Tama ba ang nahimigan niya? Para bang nagtatampo pa ang binata sa kanya dahil hindi siya magseselos kahit kailan dahil dito. Ganoon ba ang tinig na narinig niya o narindi na lang siya sa mga pinag-usapan kanina nina Georgia at Timothy kaya kung anu-ano na ang pumapasok sa isip niya?

Kasi naman, napapadalas na yata ang pag-iisip niya ngayon at kahit nasa kalye ay nagmumuni-muni pa rin siya.

Ang mas masama, palaging isang tao lang ang naiisip niya—si Timothy.

---

“Bakit nga ba wala ka pang girlfriend hanggang ngayon?” tanong ni Keira sa binata habang kumakain sila sa apartment nito. Napagdesisyunan nilang magluto na lang at doon na mag-dinner.

“Wala pa, eh,” tugon ni Timothy.

“Bakit nga?”

“Hindi ko din alam, basta wala pa.”

“Kahit minsan hindi ka pa nagkakaroon ng girlfriend? Sa tanda mong ’yan?”

Napangiti ang binata sa tinuran niya. “Girlfriend? Hindi mo ba natatandaan n’ong high school tayo, naging kami ni Michelle.”

“Hindi naman counted ‘yon kasi hindi mo siya niligawan. At saka hindi mo naman talaga gusto ‘yon, di ba? Sinabi ko lang na may crush siya sa ’yo kaya sinubukan mo! Hindi ka pa ba nai-inlove? Wala pa bang nakakapagpatibok sa iyong pihikang puso?” patuloy na pangungulit niya.

“Wala pa nga,” simpleng sagot nito.

“Maniwala ako sa ’yo! Twenty-six ka na kaya. Sa tanda mong ’yan, hindi mo pa nararanasang magmahal?”

“Hindi pa,” parang walang ganang sagot nito.

“As in? That’s impossible, unbelievable and incredible! Are you sure?” maarteng sabi niya.

“Ang kulit mo.” Natatawa na ang kaibigan. “Wala nga.”

“Sige na, sabihin mo na sa ’kin kung sino. Hindi ba wala tayong lihiman?”

“Walang lihiman samantalang inilihim mo sa akin iyong tungkol sa inyo ng James na ‘yon,” anitong tila naghihinanakit.

“Hindi bagay,” natatawang sabi ni Keira. “Sino na kasi?”

“Kailangan mo pa ba talagang malaman?” Sinakyan na rin nito ang pang-aasar niya dahil sa palagay nito wala naman siyang balak na tumigil sa ginagawa niya.

“Meron? Sino? Kelan pa?” gulat na tanong niya.

“Excited ka naman masyado. Isubo mo muna ‘yang nasa kutsara mo bago kita sagutin,” napapailing na turan ni Timothy.

Pagkatapos nga niyang makain ang nasa kutsara niya ay sinagot na nito ang kanyang tanong. “Kanina lang, kanina ko lang na-realize na in love nga ako sa kanya...” Sinadya nitong ibitin ang sasabihin upang tingnan ang reaksiyon niya.

“Sino siya? Kilala ko ba siya? Sino?” naiinip na tanong niya.

Bumuntong-hininga muna ito bago sumagot. “Si Georgia,” mahina pero malinaw na nakarating iyon sa pandinig ni Keira.

“Seryoso ka ba?” gulat na tanong niya. Uminom pa siya ng tubig para mawala ang tila pagbabara ng kanyang lalamunan.

“Mukha ba akong nagbibiro?”

“Please, tell me you’re not serious,” pakiusap ni Keira na akala mo ay nahihirapan talaga.

“Sorry to disappoint you, but I am serious.”

“Oh, no! Come on! Talaga ba?”

“Yes.”

“In love ka talaga sa kanya? In love ka sa babaeng ‘yon? Bakit? Bakit siya pa? Ano naman nagustuhan mo d’on?” hindi pa rin makapaniwalang tanong niya. Wala siyang mahanap na rason para maniwalang puwede nga itong magustuhan ng binata.

“Kulit mo, hindi na kita maintindihan, ha. Kanina hindi ka naniniwala na hindi pa ako nai-in love ni minsan. ’Tapos ngayong inamin ko na kung kanino, hindi ka pa rin naniniwala. Ano ba talaga?” natatawang sabi ni Timothy.

“Bakit naman kasi sa Georgia pa na ‘yon? Matatanggap ko pa kung hindi sa kanya. Maganda nga siya pero ang layo naman ng beauty ko sa kanya. Sana man lang iyong malalampasan ang aking



kagandahan,” litanya niya.

Mas maganda naman talaga siya kaysa kay Georgia. Kahit pa nga sabihing napakahinhin nitong kumilos. Mas maganda naman ang buhok niya kaysa rito, mukha itong nagpa-straight lang, samantalang natural na straight at makintab ang kanyang buhok na lampas-balikat ang haba. Tsinita ito samantalang bilog ang kanyang itim na mga mata. Pareho namang matangos ang kanilang ilong pero mas manipis ang mga labi nito kaysa sa kanya at mas maputi ito sa kanya dahil mukhang may lahi itong Chinese. Hindi naman makapal ang kanyang labi, tama lamang pati ang pagkapula niyon. Hindi siya kaputian pero matatawag siyang morenang mapusyaw.

“So, ano’ng mas gusto mo? Hindi na lang ako ma-in love kaysa ma-in love ako sa kanya?”

Tumingin lamang siya sa binata. Pero wala namang lumabas na mga salita sa kanyang bibig.

“Ha?” tanong ng binata.

“Oo.”

“Eh, di hindi,” maikling sagot naman nito.

“Ha? Ang gulo mo. Ano ba talaga kasi?”

“Hindi ako in love sa kanya,” parang nakukulitan

na tugon ng binata. “Huwag ka nang mag-alala, binibiro lang kita. Sinakyan ko lang iyong pinagsasabi mo. Para kasing ang sama ng mukha mo nang nalaman mo na kay Georgia ako in love,” tatawa-tawang paliwanag nito. “Basta hindi ako in love, sasabihin ko sa ’yo kapag may nagugustuhan na akong babae. Okay na?” Itinaas pa ni Timothy ang kamay para makipag-high five sa kanya.

“Promise?”

“Promise.”

Saka pa lamang tinapik ni Keira ang kamay ng binata. Hindi lang nito alam kung gaano kabigat ang kanyang dibdib nang sabihin nito na kay Georgia ito in love. Mabuti na lamang at hindi na rin pinatagal pa ni Timothy ang kanyang paghihirap at sinabi na nito na biro lang iyon. Hindi ito in love kay Georgia at kanino pa man.

Sapat na iyon upang gumaan ang kanyang pakiramdam. Lihim naman siyang napangiti sa kumpirmasyong iyon. Kahit pa nga alam niyang darating din ang panahon na magkakagusto ito sa ibang babae, parang hindi pa niya kayang tanggapin iyon sa ngayon. Saka niya na lang iisipin iyon kapag dumating na ang araw na iyon.

# 4

Papasikat na ang araw nang matapos ni Keira ang design ng dirty kitchen ng restaurant ni Georgia. Iyon ang inuna niya dahil iyon ang pinakamabusisi para sa kanya. Dalawang araw pagkatapos niyang makita ang location ay sinimulan na niya ang pagdo-drawing. Nangako siya na tatapusin niya iyon sa loob ng dalawang linggo. Pinakamatagal na iyon pero gusto niyang tapusin iyon nang walang dalawang linggo kaya puyatan ang kanyang ginagawa. Pagod na pagod na siya nang mga sandaling iyon kaya pagkahigang-pagkahiga ay pumikit na siya at tuluyan na nga siyang nakatulog.

Sa tantya niya ay wala pang limang minuto mula nang siya ay pumikit ay nakarinig na siya ng mga katok sa kanyang pinto. Kinailangan niya pa ang kanyang buong puwersa upang maibangon ang sarili mula sa kama. Wala sa sariling tumayo siya at dumerecho sa may pintuan upang buksan iyon.

Nagulat naman si Timothy sa ayos ni Keira nang pagbuksan siya ng pinto nito. Nakapikit kasi ang dalaga kahit na nabuksan na nito ang pinto. Malaya tuloy niyang napagmasdan ang hitsura nito.

Nakasuot ito ng pajama at t-shirt na kulay-dilaw. Nakaipit pa rin ang medyo magulo ng buhok nito at bahagya pa itong nakatingala sa kanya habang nakapikit.

*Napakagandang tanawin para sa umagang ito, anang kanyang isipan.*

“Tulog ka pa rin?” tanong ni Timothy kay Keira nang mapagtantong wala pa talaga sa sarili ang dalaga.

“Hmm,” tanging sagot na narinig niya mula sa dalaga.

Bahagyang tinapik na lang niya ang balikat nito. “Tulog ka pa? Alas siete na ng umaga, ah. Hindi ba may lakad tayo ngayon?”

“Wala pa nga akong tulog; five minutes pa lang akong nakakahiga!” asik nito, sabay hikab. Tumalikod ito at bumalik sa higaan.

Sumunod naman ang binata sa loob ng kuwarto.

“Tbig mong sabihin, katutulog mo lang? Bakit naman nagpuyat ka nang husto?” nag-aalalang tanong niya.

Pumalatak ito. “Kaaga namang sermon niyan, Itay,” pagbibiro nito. “Tinapos ko na po kasi ‘yong

dirty kitchen ni Ms. Georgia mo.” Napansin niyang sadyang idiniin nito ang huling salitang binanggit. Hindi siya nagkomento tungkol doon.

“Mas mukha kang lasing kaysa inaantok,” ganting asar niya. “Pa’no iyan, eh, di hindi ka na sasama sa breakfast meeting natin kay Georgia?”

“Ngayon ba ’yon? Ba’t may meeting tayo sa kanya?” Tila tuluyan nang nagising ang diwa nito sa narinig.

“Birthday niya ngayon, di ba? Celebration lang daw,” aniya. Lihim siyang napangiti nang malukot lalo ang mukha nito.

“Bilib talaga ko diyan, talagang ginagamit lahat ng dahilan para lang makasama ka. Kunwari pang gusto akong kasama, eh, very obvious naman na gusto ka niyang masolo. Sigurado akong papalakpak ang mga tainga ng babaeng iyon kapag nakita niyang mag-isa ka lang na darating sa meeting place ninyo. Naiisip ko na kung gaano katamis ang smile niya sa ’yo. Alam mo kung bakit gusto niyang breakfast kayo mag-celebrate?”

Parang na-imagine na ni Timothy ang usok na lumalabas sa ilong ng dalaga. “Bakit?” pinipigil ang ngiting tanong niya.

“Dahil alam niyang napuyat ako, therefore, masosolo mo siya ngayong umaga.” Sabay pa silang nagkatawanan sa tinuran ni Keira.

---

Nagmamadaling bumalik si Timothy sa apartment ni Keira. Nagpaalam na siya kaagad kay Georgia pagkatapos nilang mag-breakfast dahil uuwian niya pa ng almusal si Keira. Sigurado siyang natulog na lang ang dalaga nang walang laman ang sikmura. Kahit pa nakailang paalala siya rito na huwag magpapalipas ng gutom, hindi pa rin ito kumakain lalo na kapag busy ito sa pagdo-drawing. Kailangang pang siya ang maghanda ng makakain nito para lang sumunod ito.

Ipinaliwanag niya naman kay Georgia na sa susunod na lang siya sasamang mamasyal dito. Nagi-guilty siya dahil tumanggi siya sa imbitasyon nitong mamasyal sila. Birthday pa naman ng babae. Pinangako na lang niyang sasamahan ito sa paglilibot sa magagandang lugar doon sa ibang araw. Tubong Cebu si Georgia at isang buwan pa lang itong naglalagi sa Baguio kaya sabik mamasyal. Nagustuhan nito ang lugar kaya naisipang magtayo ng business doon at iyon nga ang restaurant na project nila ni Keira ngayon.

“Bumangon ka na riyang kahit sandali lang,” pamimilit ng binata kay Keira nang abutang nakahiga pa ito sa kama. “Hindi mo na nga kinain ‘yong inuwi kong mami kanina, hindi ka pa kakain ng niluto kong sinigang? Hindi ko kayang ubusin ‘to nang mag-isa kaya sabayan mo na ‘ko.” Hinihila ng binata ang kumot ng kaibigan.

“Oo na, ‘eto na nga.” Napilitang bumangon si Keira. Pinunas-punasan niya ang paligid ng mga mata at saka bumaba ng kama. “Dapat masarap ‘yan, ha,” biro niya at naupo na sa lapag. Naka-set na ang pagkain sa mababang mesa sa kanyang kuwarto. Sa lapag lang sila nauupo kapag kumakain doon dahil hanggang tuhod lang halos ang mesang iyon. Parang Japanese style.

Mas gusto niya ang ganoon para walang gaanong gamit sa kanyang apartment. Mas maaliwalas iyon para sa kanya. At hindi rin naman siya madalas magluto kaya tama na sa kanya ang ganoon.

Mas malaki ang apartment na inookupa ni Timothy kaya mas marami itong gamit. Ito rin ang nagluluto para sa kanilang dalawa kahit noong nag-aaral pa sila noong college. Hamak na mas mukhang bahay ang apartment nito kaysa sa kanya.

“Siyempre, dati pa naman masarap na ‘kong

magluto,” pagmamayabang ng binata. Nagsalin ito ng juice sa baso niya. “Huwag kang mag-alala, marami pang susunod diyan sa mga darating na araw.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Ipagluluto na kita lagi. Siguradong palagi kang mapapagod sa mga susunod na araw dahil sa project nating ito. At palagi ka ring mapupuyat, dahil kahit naman araw-araw ko pang ipaalala sa ’yo na hindi ka dapat nagpupuyat, hindi ka naman sumusunod. At panigurado hindi ka na makakakain nang tama kaya sasamahan na lang kita para may tagapaalala sa iyo kung kailan ang oras ng pagkain,” mahabang litanya nito.

“Ganoon? Libre ba ’yan? Baka naman mamulubi ako sa iyo?” Ngumiti lang ito. “Eh kasi sa pagkakaalam ko, mahal ang bayad sa chef, tapos magiging yaya pa kita at secretary...”

“Bakit naman yaya at secretary?”

“Yaya dahil pagsisilbihan mo ’ko, secretary kasi tagapagpaalala ka ng schedule ko sa pagkain. Di ba secretary ang umaayos ng sched ng amo nila?”

“Corny,” tanging nasabi ni Timothy, pero nakangiti naman.



“Meron pa pala!” excited na sabi ng dalaga.  
“Tanungin mo kung ano, sige na.”

He hissed. “Ano?” Kahit pa alam na nito na kalokohan lang ang sasabihin ni Keira, nakisakay pa rin ito.

“Bodyguard.” Ngumisi siya.

“Bodyguard?”

“Kasi sasamahan mo akong magpuyat, di ba?” nakataas ang kilay na sabi niya.

“May sinabi ba akong ganoon? Pagluluto lang ang sinabi ko, ah. At ipapaalala ko lang time ng pagkain mo. Kung magpupuyat ka, magpapa-alarm na lang ako kapag oras na ng pagkain mo.”

“Gan'on lang? Akala ko pa naman talagang mabait ka...” Lumabi siya kunwari.

“Pag-iisipan ko. Kung pipilitin mo 'ko baka pumayag din ako,” nakangising turan nito. Nagkatawanan sila.

---

Natutuwa si Keira at tinupad nga ni Timothy ang pangako nito. Araw-araw ay ito ang nag-aasikaso ng kanilang pagkain. Gumigising pa ito sa madaling

araw para lang ipaghanda siya ng kakainin.

Siya naman ay nasanay na sa ganoon dahil halos isang taon siyang naging guitarist para sa isang banda noon at halos gabi-gabi ang gig. Night person daw siya, ayon sa isa niyang kaibigan. Mas productive siya sa gabi.

Gayunpaman, pinili niyang tapusin na nang araw na iyon ang last part ng kanyang design imbis na sa susunod na araw pa. Nagbago ang kanyang isip pagkatapos umalis ni Timothy. Wala rin naman siyang ibang gagawin dahil wala ang binata kaya minabuti niya nang tapusin ang kanyang paboritong bahagi ng restaurant—ang rooftop.

Pinagmukha niyang maliit na parke ang parteng iyon para mas mare-relax ang mga magpupunta roon. Kahit siya ay nare-relax na habang pinagmamasdan ang kanyang obra. Nasisiguro niyang mas maganda iyong pagmasdan sa personal. Parang ngayon pa lang ay gusto na niyang matapos ang kanilang project para makita na niya ang rooftop na iyon. Matutuwa sigurado si Timothy pag nakita iyon.

*Teka nga, bakit ba pasado alas cinco na ay wala pa rin 'yon? bigla niyang napansin. Sabi niya kanina sandali lang sila, ah.*

Maagang umalis ang binata at ang sabi ay may appointment ito kay Georgia. Maaga na nga nitong niluto ang lunch niya dahil after lunch na raw ito makakabalik. Pero hanggang ngayon ay wala pa ito. Balak niya pa naman na sabay silang mag-dinner bilang celebration dahil natapos na niya ang kanyang unang design bilang professional na architect. Pero wala naman ito at mukhang nag-e-enjoy na kasama ang Georgia na iyon. Nangako pa naman ito na ititreat siya kapag natapos niya na ang design.

Dahil sa pagod ay minabuti na lang ni Keira na matulog muna kaysa hintayin ang binata. Matapos ang halos dalawang oras ay nagising siya. Lumabas siya upang tingnan sa kabilang bahay ang binata ngunit wala pa rin ito. Tinawagan niya ito ngunit cannot be reached ang cellphone nito.

Hindi niya maiwasang mainis at mag-alala. Hindi man lang nito nagawang tumawag sa kanya porque kasama nito si Georgia.

Sa inis niya ay nagdesisyon na lang siyang umalis. She guessed she deserved it after working so hard on the project. Pupunta na lang siya kay Marj. Kanina ay tumawag ito at nagyayang magkita sila ngunit tumanggi siya dahil tinatapos niya pa ang trabaho. Kaklase niya ito mula first year hanggang

fifth year sa college. Pero pagkatapos ng graduation ay hindi na sila nagkita pa ngunit hindi naman sila nawalan ng communication.

Kahapon lang niya nasabi rito na nasa Baguio siya. Numero na lang nito ang kinontak niya. Sa bahay na lang ni Marj siya tutuloy dahil gusto rin daw siyang makita ng mga magulang nito at makasabay sa dinner. Madalas siyang magpunta sa bahay ng kaibigan noon kaya kilala na siya ng mga magulang nito.

Nagmamadali naman siya dahil alas ocho ang usapan nila. Isinuot niya na muna ang kanyang jacket bago lumabas.

Hindi niya napansin na naiwan niya pala ang kanyang cellphone.